



Archdiocesan Ministry on Environment Archdiocese of Lipa

“Panawagan Para sa Kaalaman at Kahandaan Hinggil sa Pagtagas ng Langis sa Oriental Mindoro”

Noong ika 28 ng Pebrero, 2023, isang “oil tanker” na naging MT Princess na naglalaman ng 800,000 na litrong “industrial fuel” ang lumubog sa Naujan, Oriental Mindoro, na naging dahilan ng pagtagas ng langis sa karagatan. Ito ang naging sanhi ng pagkamatay ng mga ibon at mga isda at pagkawala ng hanapbuhay ng halos 18,000 na mangingisda. Ang “Oil-Spill” ay hindi lamang nakaapekto sa kabuhayan, kung hindi naging banta din sa kalusugan ng mga taong naninirahan sa mga apektong lugar ng Pola, Pinamalayan, Gloria, Bansud, Bongabong, Roxas, Mansalay, Bulalacao, at Calapan City. Ayon sa Marine Science Institute ng Unibersidad ng Pilipinas, tinatayang 36,000 na ektaryang Bahura, Bakawan at Seagrass ang maaaring sirain ng trahedyang ito.¹

Habang kasalukuyang ginaganap ang imbestigasyon kung sino ang dapat managot sa pangyayaring ito, ay ating pagnilayan din kung ano ang maaari nating magawa upang hindi na maulit muli ang ganitong pangyayari na sumisira sa ating mga biyayang likas na yaman. Bilang kongkretong tugon sa hamon ng ating Santo Papa Francisco, na pangalagaan ang “Mundong ating Tahanan”, ay ating protektahan ang “Verde Island Passage” na tinaguriang “Center of the Center of Marine Shorefish Biodiversity”.


Ayon sa kalihim ng Department of Environment and Natural Resources (DENR), Ma. Antonia Yulo-Loyzaga, “Ang pangyayaring ito ay hindi lamang makaka-apekto sa marine ecology ng Pilipinas, kung hindi maging ng buong mundo”.²

Nakakalungkot isipin, na hindi pa agad matatapos ang problemang ito, hangga’t hindi pa natitipon ang mga tumagas ng langis. Kung hindi ito agad maaksyonan ng mga ahensya ng gobyerno ay maaaring makaabot ito sa mga baybayin ng Batangas City, Nasugbu, Lian, Calatagan, Balayan, Calaca, Lemery, Taal, San Luis, Mabini, Tingloy, Bauan, San Pascual, Lobo and San Juan.

Kung kaya’t ang liham na ito ay isang panawagan sa lahat ng Parokya, mga Kaparian, mga Relihoyoso at Relihiyosa, mga Katolikong Paaralan, mga Laykong Samahan at sa lahat ng Mananampalataya ng Arkidiyosesis

¹ Apektado ng 'Mindoro oil spill'? Ito ang dapat mo gawin, asahan | Philstar.com

² <https://www.rappler.com/nation/luzon/oriental-mindoro-oil-spill-threatens-philippine-global-diversity/>



ng Lipa, na magkaroon ng sapat ng kaalaman ukol dito at maging handa sa ano mang posibleng mangyari sakaling makarating ang “Oil Spill” sa ating mga baybayin.

Paalala din po sa lahat ng mga Parokiya, ang kahandaan ng Ministry of Social Services at ang kanilang aktibong ugnayan sa Municipal Disaster Coordinating Council, AMEn at LASAC. Maaari din po kayong maglunsad ng mga talakayan, anunsiyo at panalangin para sa kamalayan at pakikilahok ng mga mananampalataya.

Sa kinahaharap nating hamong ito, bilang isang Arkidoyesis sama-sama po tayong magdasal, kumilos at tumugon sa Taghoy ng Inang Kalikasan at Taghoy ng ating mga kapatid na naapektuhan ng trahedyang ito.

Kaisa ninyo sa paglilingkod,



Rev. Fr. Michael Angelo V. Flores, OFMCap.

AMEn Director

